Tulungang Mapaunlad ang Kakayahan ng Inyong Anak sa Lengguwahe

6 IDEYA PARA MAPAUNLAD ANG LENGGUWAHE NG INYONG ANAK TAGALOG

- **I-modelo ang Wika:** Kapag nagkamali ang iyong anak, i-modelo ang tama, sa paraang hindi niya ramdam na itinutuwid mo siya (halimbawa, pag sinabi ng bata "Daddy kumakain pizza", puwede mong sabihin "Ah, si daddy ay kumakain ng pizza").
- **Magbigay ng Pagpipilian:** Kahit na ang iyong anak ay nahihirapang sumagot ng tanong o magpangalan ng bagay, o gumamit ng pangungusap sa tamang porma, bigyan siya ng pagpipilian (halimbawa,"Kanya ay naglalaro' o Siya ay naglalaro?")
- **Ulitin:** Nagsisimulang gumamit ang mga bata ng bagong salita at pangungusap pagkatapos na marinig ito ng maraming beses. Huwag mag-atubiling ulit-ulitin ang paggamit ng mga bagong salita! (halibawa, "Tingnan mo ang giraffe. Mahaba ang leeg ng giraffe. Kulay kayumanggi ang giraffe".)
- **Ipakita sa Pamamagitan ng Paggamit ng Parte ng Katawan:** Gumamit ng parte ng katawan(halimbawa, pagturo, paggalaw ng katawan, pagtango o pag-iling ng ulo) at paggamit ng larawan o retrato para matulungan ang batang maintindihan ang tanong at sumunod sa mga instruksyon.
- **Isalin:** Kapag hindi malinaw ang ibinibigay niyang impormasyon, subukang i-interprete kung ano ang gusto niyang sabihin. (halimbawa, Pag sinabi niyang: "Punta ako Tommy at regalo", sabihin mong, "Ah, pumunta ka sa bahay ni Tommy at binigyan mo siya ng regalo".)
- **Magdagdag ng mga Salita:** Magdagdag ng ilang salita sa sinabi ng iyong anak para matulungan siyang gumamit ng mahabang pangungusap. Pag sinabi niyang, "Ang aso ay natutulog", sabihin mong, "Oo, ang aso ay natutulog sa ilalim ng puno".)

3 MGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN

Gamitin ang pang-araw-araw na mga aktibidad:

- Ang mga pang-araw-araw na aktibidad (e.g. pagkain, pagligo, pagtulog) ay magandang oportunidad para ma-praktis ang lengguwahe. Tandaan na mas natututong mabuti ang mga bata kung gamit nila ang lahat nilang pakiramdam. Bigyan siya ng pagkakataon na makita, mahipo, malasahan, maamoy at marinig ang mga bagay, bokabularyo o konsepto na itinuturo mo sa kanya.

Magsimula ng simple:

- Sa umpisa, magtanong ng mga bagay na kaya niyang sagutin. Magbigay din ng instruksyon na maaari niyang sundan. Pagkatapos, dahan-dahang hirapan ang mga tanong at instruksyon na ibibigay mo sa kanya.

Mag-aliw!

- Ang pag-aaral ng lengguwahe ay hindi kailangang maging mahirap at nakababagot. Sa katunayan, mas natututo ng lengguwahe ang bata sa pamamagitan ng nakaa-aliw na mga aktibidad.

Subukan ang mga aktibidad na ito: larong pagkukunwari, papet, sining, pagluluto, pagbabasa ng sabay, pagkanta, paglalaro.

Toronto Catholic District School Board